## Chapter 34 (Part 2)

Chapter 34 (Part 2)

"Talaga. Tatalon ako pababa. May garden doon sa rooftop. May talunan ako pababa."

Wala pa rin reaksyon ang apat na bodyguard. Mga tigasin talaga ang mga walanghiya. Hindi uubra ang katigasan ng ulo niya.

"Susunugin ko ang penthouse tapos tatakbo ako. Isasali ko kayo sa sunog. Sasabihin ko kay Gideon kayo ang may kasalanan."

Hindi pa rin natinag ang mga ito kaya pumadyak na siya. "Kasi naman, pupunta lang ako kina Mama. Sige na kasi. Magpapa-alam naman ako kay Gideon, mamaya na lang."

Nakahanda na ang malaki niyang ngiti nang makitang kumamot-kamot sa ulo nito si Kuya Emer at tumango sa mga kasama nito. Ngunit, napawi iyon sa sumunod na sinabi ng lalaki.

"Papuntahin na lang po namin ang mama niyo at kapatid dito sa bahay."

"Ha?"

"Bawal po talaga."

"Bawal, bawal. Bakit bawal?"

"Delikado po kasi, Ma'am,' sagot sa kanya ng lalaking may suot na shade.

"Delikado rin ako sa 'yo. May shades ka pa, wala naman araw," irap niya at nagmumuryong na tumayo sa kinauupuan. 1

Awkward na kumamot-kamot sa batok ito nang lagpasan niya na hindi naman na nagsalita. 1

"Sunduin na natin," aniya nang nauna na siyang naglakad.

"May susundo na po sa kanila. Kasama nila si Major Almeradez." 1

Tumahimik siya dahil kahit papano ay nakampante siya nang malaman na kasama ng ina at kapatid niya si Alejandro. Kampante siya dahil alam niyang katulad ni Gideon, sundalo rin ang lalaki. Alam niyang kaya nitong protektahan sina Caius.

Muli siyang pumasok sa loob ng penthouse. Hindi naman na sumunod sa kanya ang mga bodyguard at tila tuod na muling tumayo ang mga ito sa labas ng pinto. Inilapat niya ang likod sa sofa at kinuha niya ang kanyang cellphone. Ngunit, napabalikwas siya

nang ma-alala kung ano ang pinaggagawa nila ni Gideon sa sofa kagabi. 1

Idinikit niya ang kanyang ilong sa matress niyon at suminghot siya. Sandali niyang inalis ang ilong doon bago muling ibinalik at suminghot ulit.

Hinaplos niya ang kanyang ilong at tumuwid ng upo. Hindi naman amoy ang ginawa nila kagabi. Hindi niya alam kung paano nangyari pero wala talagang amoy na zonrox. Amoy lavender pa nga eh. 4

Tumayo siya at naghanap ng makakain sa kusina. Hinubad niya ang kanyang sling bag at naghanda ng almusal. Baka hindi pa kumakain sina Caius at Mama niya.

Tinawagan niya rin ulit si Carollete. Sabi nito sa kanya ay hindi raw ito pinapasok ng ama sa unibersidad. Pati rin ang baby niya ay hindi rin pumasok sa pre-school. Mas hinigpitan daw ang seguridad sa buong mansion ng mga Vesarius.

Mas lalo tuloy siyang kinabahan sa nalaman. With the body guards and tightens their security, isa lang ang ibig sabihin niyon, nasa panganib sila. Gusto niyang tawagan ang asawa. Baka kung saan na ito sumuot. Baka kung ano na ang nagyari rito. Baka kung napahamak na ito, baka kung...

There are so many what ifs that are running in her mind. At lahat ng iyon ay may ka-akibat na takot na baka may mangyaring masama kay Gideon. Ito na ang kinakatakutan niya!

Pinatay niya ang kalan nang marinig niya ang boses ng ina niya sa living room. Si Caius ang una niyang nakita na naka-upo sa sofa. May benda ito sa noo kaya mabilis niya itong nilapitan at sinuri ang sugat nito.

"Mabuti na lang anak at dumating itong si Alejandro," wika ng ina niya at itunuro pa ang kaibigan ng asawa niya.

"Nasaktan ka ba, Ma?"

"Medyo lang, Anak. Hindi naman ako napuruhan no'ng mga magnanakaw."

"Can I talk to you, Lyzza?" seryosong wika ni Alejandro bago pa man siya makasagot sa ina niya. Hindi niya nagawang tumanggi para asikasuhin muna ang kapatid niya dahil seryosong seryoso ang mukha nito. 1

This is not the funny Alejandro she knew. Wala na ang makulit na bakas sa mukha nito na animo'y lahat ay biro lamang para rito.

"Sige na, 'Te. Ayos lang kami ni Mama." Maliit na

nginitian siya ng kapatid.

Naunang humakbang si Alejandro papunta sa garden nila. Ito na rin ang nagbukas ng ceiling to floor na sliding door doon.

“Alam mo ba kung nasaan si Gideon?” agad niyang tanong nang makarating sila sa maliit na garden ng penthouse. Baka kasi may alam ito dahil parehong nasa serbisyo ang mga ito. He was her husband’s best friend. Alam nito kung paano tumakbo ang utak ni Gideon Vesarius.

“No. Not at this moment.” Maangas itong pumameywang sa harap niya at nagpalakad-lakad. “ Alam mo ang sitwasyon ngayon di ba?”

Tumango siya. “Gusto niyang lumabas kami ng bansa ni Summer.”

“And you didn’t.” Hindi naman galit ang boses nito, madiin lang na para bang sinasabi nito na ang katigasan ng ulo niya ang magpapahamak sa kanya.

Umiling siya. “Nag-aalala ako para sa kanya. Ayaw ko siyang iwan.”

Natigilan si Alejandro sa ginagawa at maang na tumingin sa kanya.

“Ayaw ko siyang iwan. Paano na lang kung...kung

mapahamak siya, walang mag-aalaga sa kanya kung malayo kami. Paano na lang kung mawala siya, iiyak ang anak ko kasi wala na naman ang daddy niya." Tumungo siya at kinagat ang pang-ibabang labi. " Kaya kahit alam kong delikado kami, nakipagmatigasan pa rin ako sa kanya. Marami naman pwedeng gawin para protektahan kami di ba?" 2

"Lyzza..."

Nanubig ang gilid ng mga mata niya dahil alam naman niyang mali ang disisyon niya at nailagay niya sa kapahamakan ang mga mahal niya sa buhay, pero sumige pa rin siya. "Mali nga talaga ang disisyon ko kasi nawawala siya ngayon. Hindi natin alam kung ano ang nangyayari sa kanya."

"He lost it, Lyzza." Umigting ang panga ni Alejandro bago nito na-ihilamos ang palad sa sariling mukha. " He f*cking lost it."

"A-Anong ibig mong sabihin?"

"Pinasok din ang Vesarius Mansion kagabi. Target ang anak mo. Gideon was furious when he heard about it. Pumunta siya sa kampo kaninang umaga para kunin ang files para sa lokasyon ni Al-Sharique. Diniskonekta niya kami. Wala kaming kontak sa kanya. And for sure, he was on his way to bomb that b *stard down. Hindi siyam ang buhay niya, t-ngina,



nagpapakabayani na naman ang g*go." 3

Comments Vote (68.5K)